

Fact Sheet sa Bakuna sa COVID-19

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga bakuna sa COVID-19

Tungkol sa mga bakuna sa COVID-19

Paano gumagana ang mga bakuna sa COVID-19?

Ang mga bakuna ay nagsasabi sa iyong katawan na gumawa ng hindi nakakapinsalang protina na natagpuan sa virus at nagsisimulang bumuo ng antibodies na nakakaalam kung paano makipaglaban sa tunay na virus kung magkakaroon ka ng kontak dito.

Paano gumagana ang bakuna, magkaka-COVID-19 pa rin ba ako? >

Ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay ibinibigay sa tig-dadalawang dosis gamit ang karayom sa itaas ng iyong braso. Ang bakuna pa ring iyon ay ginagamit para sa iyong una at ikalawang dosis. Ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay inaasahang 94-95% mabisa matapos ang dalawang dosis.

Kailangan ko pa rin bang magsuot ng mask matapos akong mabakunahan?

Oo. Nagpapatuloy pa rin ang mga pag-aaral para matukoy ang pagiging mabisa ng bakuna sa pagpigil ng walang sintomas na impeksyon at pagpapababa sa paghawa ng COVID-19. Sa ngayon, at hanggang hindi pa sinasabi ng mga siyentipikong eksperto na ligtas nang huminto sa pagsusuot ng mask, mahalagang sumunod sa payo ng mga opisyal ng public health kabilang ang pagpapanatili ng pisikal na distansya na dalawang metro mula sa mga taong hindi kasama sa inyong sambahayan, pagsusuot ng mask, sanayin ang wastong kalinisan ng kamay at paglimita sa hindi mahalagang pagbibiyaha. Ang mga pamamaraang ito ay makakatulong sa iyo, sa iyong mga mahal sa buhay at sa inyong komunidad na maging ligtas.

Gaano kahabang tatagal ang bakuna? Kailangan ko bang mabakunahan nito kada taon?

Nagpapatuloy pa rin ang mga pag-aaral para malaman kung gaano katagal na magbibigay ng immunity ang bakuna. Patuloy na aabisuhan ng pamahalaan ang publiko kapag available na

ang bagong datos.

Mayroon bang microchip sa bakuna?

Wala.

Paano naiiba ang bakuna sa COVID-19 mula sa bakuna sa trangkaso?

Ang bakuna sa COVID-19 at ang bakuna sa trangkaso ay napaka-naiiba at hindi pwedeng direktang ihambing. Tinatarget nila ang iba't ibang virus: ang bakuna sa trangkaso ay kailangang makipaglaban sa ilang virus ng influenza na nagmu-mutate, habang ang bakuna sa COVID-19 ay tumatarget sa iisang virus lamang, ang SARS-CoV-2.

Paano kung hindi ako tatanggap ng ikalawang dosis ng mga bakuna ng Pfizer o Moderna?

Importanteng tumanggap ng dalawang dosis. Ang proteksyon na iniaalok ng unang dosis ay mas mababa sa kung ano ang makakamit matapos ang ikalawang dosis. Ang mga bakuna ay 94-95% mabisa matapos ang dalawang dosis.

Anong mga sangkap ang nasa bakuna ng Pfizer-BioNTech?

Kabilang sa hindi medikal na mga sangkap sa bakuna ang:

- ALC-0315 = (4-hydroxybutyl)azanediyl)bis(hexane-6,1-diyl)bis(2-hexyldecanoate)
- ALC-0159 = 2-[(polyethylene glycol)-2000]-N,N-ditetradecylacetamide
- 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine
- Cholesterol
- dibasic sodium phosphate dihydrate
- monobasic potassium phosphate
- potassium chloride
- sodium chloride
- sucrose
- tubig para sa iniksyon

Tingnan ang [Papel ng Impormasyon tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech at Moderna](#) ng Ministry of Health ng Ontario para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang mga sangkap ng bakuna ng Moderna?

Kabilang sa hindi medikal na mga sangkap sa bakuna sa COVID-19 ng Moderna ang:

- 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine (DSPC)
- acetic acid
- cholesterol
- lipid SM-102
- PEG2000 DMG 1,2-dimyristoyl-rac-glycerol, methoxy-polyethyleneglycol
- sodium acetate
- sucrose
- tromethamine
- tromethamine hydrochloride
- tubig para sa iniksyon

Tingnan ang [Papel ng Impormasyon tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech at Moderna](#) ng Ministry of Health ng Ontario para sa karagdagang impormasyon.

Pagiging ligtas ng bakuna sa COVID-19

Ligtas ba ang mga bakuna sa COVID-19?

Oo. Tanging ang mga bakuna na aprubado ng Health Canada at ang pinasyahang ligtas at epektibo ang ilalapat sa Ontario.

Ang Health Canada ay may isa sa pinakamasusing siyentipikong review system sa mundo. Inaaprubahan lang ng Health Canada ang isang bakuna kung ito ay ligtas, umeepekto, nakakatugon sa mga standard sa paggawa, at ang mga benepisyo nang mabakunahan ay nananaig sa mga panganib.

Ano ang proseso ng pag-apruba para sa bakuna?

Masusing nirebyu nang pinakamahasay na independiyenteng mga siyentista ng Canada ang lahat ng datos bago aprubahan ang mga bakuna bilang ligtas at mabisa para sa mga Canadian. Sinunod lahat ng pangkaligtasang hakbang sa pag-apruba sa mga bakunang ito, Ang paggawa ng mga bakuna sa COVID-19 ay mabilis na sumulong dahil sa mga rason kabilang ang: binawasang pag-aantala ng panahon para sa proseso ng pag-apruba sa bakuna, mabilis na pagpapaangkop sa umiiral na mga programa sa pananaliksik, pandaigdigang pagtutulungan sa mga siyentista at mga pamahalaan, dinagdagang inilaang pondo at mabilis na pagrecruit ng mga kalahok sa klinikal na pagsubok.

Tingnan ang buod ng Proseso ng Pag-apruba sa [Bakuna sa COVID-19 at Pagiging Ligtas ng Ministry of Health](#) para sa karagdagang impormasyon.

Dapat ba akong mag-alala tungkol sa isang bakuna na mabilis na ginawa?

Hindi. Tanging ang mga bakuna na aprubado ng Health Canada at pinasyahang ligtas at mabisa ang ilalapat sa Ontario.

Ang mga bakuna na ito ay mas mabilis na nabuo lkaysa dati dahil sa hindi pa kailanman nakikita dati na antas ng pagtutulungan at pondong pinuhunan sa pagsisikap na ito sa buong mundo.

Ang teknolohiya sa likod ng mga bakuna ay nariyan na nang higit sa 10 taon at nagamit na sa mga model na hayop para sa influenza, zika virus, rabies virus, cytomegalovirus (CMV) at iba pa. Dahil umiiral na ang modernong teknolohiya, nagawang magtrabaho nang mabilis ng mga siyentista.

Mabibigyan ba ako ng COVID-19 ng bakuna?

Hindi, ang bakuna sa COVID-19 ay hindi makapagbibigay sa iyo ng COVID-19 o iba pang nakakahawang bakuna. Hanggang ngayon, wala pang naaprubahang mga bakuna ng Health Canada ay mga live na bakuna, lbig sabihin na hindi naglalaman ang mga ito ng virus na nagdudulot ng COVID-19.

Mahalagang tandaan na karaniwang nangangailangan ng ilang linggo bago makabuo ng immunity ang katawan ng tao matapos ang pagbakuna. Nangangahulugan iyan na posibleng mahawahan ang isang tao ng virus na nagdudulot ng COVID-19 bago lang o pagkatapos agad ng pagbakuna. Ito ay dahil ang bakuna ay hindi nagkaroon ng sapat na panahon para makapagbigay ng proteksyon. Kahit na nakatanggap ka ng bakuna, pakisundin ang mga pamamaraan ng public health para mapanatiling ligtas ka, ang iyong mga mahal sa buhay at ang inyong komunidad..

Makakaranas ba ako ng mga side effect?

Katulad sa mga gamot at ibang mga bakuna, ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring magdulot ng mga side effect. Kabilang sa pinaka-karaniwang mga side effect ang panghahapdi sa bahaging tinurukan sa iyong braso, kaunting pagkapagod, panggiginaw at/ o kaunting panakit ng ulo habang nagsimulang nagkakabisa ang bakuna. Sa panahon ng mga klinikal na pagsubok, ang pinaka-madalas na mga side effect ay banayad lamang at naresolba sa loob ng ilang araw matapos ang pagbakuna.

Ang mga uring ito ng side effect ay inaasahan at nagpapahiwatig lamang na gumagana ang bakuna para makagawa ng proteksyon.

Tulad ng anumang mga gamot at bakuna, bihira ang mga allergic na reaksiyon ngunit maaaring

magaganap matapos matanggap ang isang bakuna. Kabilang sa mga sintoma ng mga allergic na reaksiyon (mga bukol sa balat na madalas na napaka-makati), pamamaga sa iyong mukha, dila o lalamunan, o hirap sa paghinga. Ang karamihan sa mga seryosong reaksiyon ay magaganap ilang sandali matapos ang iniksiyon, at handa ang mga kawani ng klinika na kontrolin ang allergic na reaksiyon kapag magaganap ito. Kung nag-aalala ka tungkol sa anumang mga reaksiyon na mararanasan mo matapos tanggapin ang bakuna, makipag-ugnayan sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa inyong lokal na public health unit para magtanong o i-report ang anumang masamang reaksiyon.

Bihira ang seryosong mga side effect matapos matanggap ang bakuna. Gayunpaman, kung sakaling magkakaroon ka ng alinman sa sumusunod na mga reaksiyon sa loob ng tatlong araw matapos matanggap ang pagtanggap ng bakuna, humingi kaagad ng medikal na pangangalaga o tawagin ang 911:

- hives
- pamamaga sa mukha o bibig
- hirap sa paghinga
- napakaputlang kulay at seryosong pagka-antukin
- mataas na lagnat (higit sa 40°C)
- kumbulsyon o mga atake (seizures)
- iba pang mga seryosong sintoma (hal., “parang tinutusok ng mga aspil at karayom” o pamamanhid)

Ano ang mas tumatagal na mga side effect ng bakunang ito?

Ang mga nagpapatuloy na pag-aaral sa mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay hindi nagpapahiwatig ng seryosong mga side effect na nakita hanggang ngayon. Ang mga taong nakatanggap ng bakuna sa mga pag-aaral ay patuloy na sinusubaybayan para sa anumang mas tumatagal na mga side effect.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga masamang kaganapan kasunod ng pagbakuna o adverse events following immunization (AEFIs) o para i-report ang isang AEFI bisitahin ang [webpage ng pagiging ligtas sa bakuna ng Public Health Ontario](#).

Ang mga side effect ba mula sa ikalawang dosis ay mas masama kaysa sa unang dosis

Ang mga side effect ay mas malamang na magaganap matapos ang iyong ikalawang dosis sa bakuna. Dahil ang mga side effect ay ang bunga ng pagbubuo ng proteksyon ng iyong immune system, kapag ang iyong immune system ay naihand na sa unang dosis, may mas malakas na immune response sa ikalawang dosis (ito ay isang mabuting bagay!).

May namatay na ba mula sa pagtanggap ng bakuna sa COVID-19?

Walang sinuman ang nakikilalang namatay bilang direktang resulta ng bakuna sa COVID-19.

Halos dalawang milyon katao na ang namatay sa buong mundo mula sa COVID-19.

Dapat ba akong tumanggap ng bakuna sa COVID-19?

Bakit ako tatanggap ng bakuna sa COVID-19?

Ang bakuna ay ang tanging nakikitang paraan para mawakasan ang pandemya ng COVID-19. Hindi matatapos ang pandemya hanggang hindi pa nabakunahan ang karamihan sa mga Canadian. Maaari mong protektahan ang iyong sarili, iyong mga mahal sa buhay, at ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

Habang ang bakuna ay poprotekta sa bawat isa sa atin nang indibidwal, ang pangunahing layunin ng programa sa bakuna ay upang i-immunize ang karamihan sa populasyon para hindi na maikakalat ang COVID-19.

Ang porsyento ng mga taong kailangang mabakunahan ay nakadepende sa kung gaano ka-nakakahawa ang sakit at kung gaano ka-epektibo ang bakuna sa pagpigil ng pagkalat ng sakit.

Mas maagang mabakunahan ang karamihan sa mga Ontarian, mas maagang babalik sa normal ang ating mga buhay.

Hindi mataas ang panganib sa akin. Hindi ganyan kasama ang COVID-19. Hindi ko kailangan ang bakuna.

Sa buong mundo, halos dalawang milyong tao ang namatay sa COVID-19 sa loob ng kulang-kulang isang taon. Hindi namimili ang COVID-19, at ang sinuman ay pwedeng magkakasakit mula sa virus.

Kahit na ang isang malusog na tao ay hindi namamatay sa impeksyon ng COVID-19, maaaring magkakaroon sila ng pangmatagalang mga komplikasyon na makakaapekto sa kanilang kakayahan na makakaranas ng normal na buhay, tulad ng pangangapos ng hininga, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan/ kasu-kasuan, cognitive impairment (paghina ng memorya, paghina ng pagko-concentrate, nahihirapan sa pagdedesiyon, atbp), ubo at pagkawala ng panlasa at/ o pang-amoy.

Kahit na hindi mataas ang panganib sa iyo, may ibang mga indibidwal sa inyong komunidad na maaaring nasa mataas na panganib at immunocompromised, na nangangahulugan na ang kanilang mga immune system ay hindi sapat na malakas para tumanggap ng bakuna. Kapag nabakunahan ang karamihan sa komunidad, pinoprotektahan nito ang mga indibidwal na immunocompromised dahil nababawasan nito ang mga pagkakataon na ang virus ay maikakalat sa komunidad at makakahawa sa immunocompromised na tao na hindi pwedeng tumanggap ng bakuna.

Sa palagay ko dapat kong maghintay at abangan kung ano ang mangyayari sa iba

Mas maagang mabakunahan ang karamihan sa mga Ontarian, mas maagang babalik sa normal ang ating mga buhay. Kailangan nating mabakunahan ang karamihan sa mga Ontarian para mawakasan ang pandemya..

Nagsisikap kami na maipamahagi kaagad ang bakuna sa bawat sulok ng lalawigan kapag natanggap namin ang sapat na suplay. Para matiyak na mabakunahan ang lahat ng gustong magpabakuna nang ligtas at mabilis, importante na ang mga tao na may access sa bakuna ay mabakunahan sa unang pagkakataon na inalok ito sa kanila.

Paano kung buntis ako o sinusubukang mabuntis?

Ang mga babaeng buntis ay maaaring makakatanggap ng bakuna sa COVID-19.

Ang mga babaeng buntis ay hindi isinama mula sa mga pagsubok sa Phase III para sa mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer BioNTech at Moderna. Kaya, may limitadong datos sa pagiging ligtas ng mga bakuna sa panahon ng pagbubuntis.

Ang mga buntis na indibidwal sa awtorisadong pangkat ng edad ay maaaring pumiling tumanggap ng bakuna matapos ang pagpapayo at may-kaalamang pagpayag na kinabibilangan ng:

- rebyu sa mga panganib at mga benepisyo ng bakuna
- rebyu sa potensyal na mga panganib/ resulta ng impeksyon sa COVID-19 sa pagbubuntis
- rebyu sa panganib ng pagkakaroon ng impeksyon ng COVID-19 sa pagbubuntis
- pagtanggap sa kakulangan ng ebidensya para sa paggamit ng kasalukuyang mga bakuna sa COVID-19 sa populasyon ng mga buntis

Kung matapos ang pagpapayo na ito ng kanilang gumagamot na provider nararamdaman ng buntis na indibidwal na ang potensyal na mga benepisyo ay nananaig sa potensyal na mga pinsala, dapat silang makaka-access sa bakuna.

Ang mga indibidwal na nagpaplanong mabuntis ay dapat makipag-usap sa kanilang primary care provider. Para sa karagdagang impormasyon, konsultahin ang [Pahayag ng Samahan ng Obstetricians at Gynaecologists sa Canada tungkol sa Pagbabakuna sa COVID-19 sa Pagbubuntis](#).

Paano kung nagpapasuso ako?

Ang mga indibidwal na nagpapasuso ay maaaring makakatanggap ng bakuna sa COVID-19.

Ang mga indibidwal na nagpapasuso ay hindi isinali mula sa mga pagsubok na Phase III para sa mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer BioNTech at Moderna. Kaya, walang datos sa pagiging ligtas ng mga bakuna sa mga indibidwal na nagpapasuso o sa mga epekto ng mga bakuna ng mRNA sa pinapasusong sanggol o produksyon ng gatas.

Para sa sinumang mga indibidwal na nagpapasuso, ang bakuna sa COVID-19 ay dapat ialok matapos ang pagpapayo at ang may-kaalamang pagpayag na kinabibilangan ng pagtanggap sa kakulangan ng ebidensya para sa paggamit ng bakuna sa COVID-19 sa populasyon na nagpapasuso.

Para sa karagdagang impormasyon, konsultahin ang [Pahayag ng Samahan ng Obstetricians at Gynaecologists sa Canada tungkol sa Pagbabakuna sa COVID-19 sa Pagbubuntis](#).

Kailan makakatanggap ng bakuna ang aking mga anak?

Hanggang ngayon, hindi pa aprubado ang isang bakuna para sa mga bata. Nagpapatuloy ang pananaliksik para mlaman kung kailan maaaring tumanggap ng bakuna ang mga wala pa sa awtorisadong edad.

Kung hindi ko ito tatanggapin ngayon, magkakaroon ba ako ng tsansa sa bandang huli? O ilalagay ba ako sa pinakahuli?

Ang aming layunin ay lahat sa buong Ontario na karapat-dapat at gustong magpabakuna ay makakakuha nito. Mas maagang mabakunahan ang karamihan sa mga Ontarian, mas maagang babalik sa normal ang ating mga buhay. Ang pandemya ay hindi makokontrol hanggang hindi pa nabakunahan ang karamihan sa mga Canadian. Para matiyak na mabakunahan ang lahat ng gustong magpabakuna nang ligtas at mabilis kung maaari, mahalaga na ang mga taong may access sa bakuna ay mabakunahan sa unang pagkakataon na inialok ito sa kanila.

Paano kung nahuhuli na ako sa aking regular na iskedyul ng imyunisasyon? Matatanggap ko pa rin ba ito?

Oo. Hinihikayat namin na ang mga nahuhuli na sa kanilang imyunisasyon ay kokontak sa kanilang health care provider para ma-update.

Bakit wala ako sa pangkat na prayoridad?

Tulad ng inirekumenda ng COVID-19 Vaccine Distribution Task Force at nakaayon sa National Advisory Committee on Immunization, ginamit ng lalawigan ang paraan sa pagtukoy ng susunod na mga pangkat na tatanggap ng bakuna na kasing-aga ng Marso 2021. Bilang bahagi ng phase one, binabakunahan muna namin ang pinakamahirang mga populasyon, na may mas mataas na panganib na mahawahan ng virus at nasa mas mataas na panganib na malantad sa at magpapakalat ng virus.

Habang nakatanggap ng karagdagang suplay ng bakuna ang Ontario, mas lalawak ang programa sa pagsali sa karagdagang mga pangkat. Makikita mo ang mas maraming detalye tungkol sa programa sa pagbabakuna sa COVID-19 ng Ontario, kabilang ang iba't ibang phase ng programa sa [webpage sa bakuna sa COVID-19 ng Ontario](#).